

PROSES NG APPLICATION AT ENROLLMENT



Ihanda ang Impormasyon

- Katibayan ng Pagkakakilanlan (Identity)
- Katibayan ng Paninirahan (Residency)
- Katibayan ng Kita (Income)

Maaaring kailanganin ang karagdagang patunay



Isumite ang Application

- Online sa BenefitsCal.com
- Sa personal o sa telepono sa opisina ng Social Services ng inyong county, o
- Tulong mula sa isang organisasyong nakabase para sa komunidad



Bantayan ang mail

Ang iyong tanggapan ng Social Services ay maaaring makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng telepono o koreo upang humiling ng karagdagang pagpapatunay. Tiyaking tumugon ka sa isang napapanahong paraan. Pagkatapos ay makakatanggap ka ng pangwakas na liham na mag-aabiso sa iyo kung makakatanggap ka o hindi ng Medi-Cal.



Kung maaprubahan, matatanggap mo ang iyong Benefits Identification Card (BIC)

Ang buong proseso ng pag-verify ng pagiging karapat-dapat, mula sa pagkumpleto ng iyong aplikasyon hanggang sa pagtanggap ng iyong BIC, ay karaniwang tumatagal ng 45 araw. Magagamit mo na ngayon ang iyong BIC sa sinumang provider na tumatanggap ng bayad-para-serbisyo/regular/straight Medi-Cal.



Makakatanggap ka ng packet ng pagpili ng planong pangkalusugan sa loob ng 45 araw pagkatapos matanggap ang iyong BIC

Dapat kang pumili ng planong pangkalusugan sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang packet ng pagpili ng plano. Kung hindi, pipili ang Medi-Cal ng plano para sa iyo. Maaari kang pumili ng plano sa website ng Health Care Options (HCO), sa pamamagitan ng pagpapadala ng iyong Medi-Cal Choice Form, o sa pamamagitan ng pagtawag sa HCO (1-800-576-6890). Kapag pumipili ng plano, maaari ka ring pumili ng Primary Care Provider (PCP). Kung hindi ka pipili ng PCP, ang planong pangkalusugan ay awtomatikong magtatalaga ng isa sa iyo.



Pagkatapos pumili ng Health Insurance, dapat kang makatanggap ng liham ng kumpirmasyon sa loob ng 7-10 araw

Ipapaalam sa iyo ng liham ng kumpirmasyon kung kailan magiging aktibo ang saklaw ng iyong Health Insurance Plan (~30-45 araw pagkatapos pumili ng plano). Kapag aktibo na, dapat mong matanggap ang iyong welcome packet ng Health Insurance at insurance card. Maari mong gamitin ang iyong mga benepisyo sa Medi-Cal sa pamamagitan ng mga provider sa iyong Health Insurance Plan

01

02

03

04